# Banyuhay

Para sa malusog, ligtas at maunlad na pamayanang kostal

Isyu Bilang 2, Mayo 1-15,  2020

*Kahit may coronavirus pandemic*

## Busuanga tuloy ang pagpapatrol sa karagatan

*Sinulat ni Clint Gallaron, C3 Philippines*

Hindi kaila sa atin na ang laban upang matigil ang salot na *coronavirus* ay isang napakahirap na giyera. Subalit, may ibang digmaan na patuloy na nagaganap sa pamayanan ng mangingisda sa Busuanga -- ito ay ang laban sa *illegal, unregulated* at *unreported* na pangingisda.

Habang ang mga opisyales ng pamahalaan ng Busuanga at mga mamamayan nito ay abala sa pagtugon sa nakamamatay na pandemya, naibalita naman na ang munisipyo ay nasa ikaanim na pwesto sa may pinakamaraming bilang ng intrusyon ng mga komersyal na palakaya.

Mabilis na umaksyon ang lokal na pamahalaan, sa pamumuno ni Mayor Elizabeth Cervantes at MAO Tess Rabe. Mabilisang nailunsad ang pagpapatrolya ng *law enforcement team*

(***Busuanga,*** *Sundan sa Pahina 2*)



*Si Clint Gallaron (kaliwa) ng C3 Philippines, kasama si MFARMC Chair Abreu.*

## Mga tindero ng isda nag-'donate' sa frontliners

*Sinulat ni Ida Mendenilla, CFI*

Sa gitna ng *pandemic* tulad ng *COVID-19*, ang higit na mahalaga ay kung paano makatutulong sa kapwa tao, hindi lamang ang pagkita ng pera.

Ito ang pinatunayan nina Mario Mercado, 43, at Diosdado Ramos Jr., 42, magka-partner sa pagtitinda ng sariwang isda na taga Sitio Tagum, Barangay Tagumpay, Coron.

Mula noong Abril 15, ang dalawa ay nagbibigay ng libreng isda sa mga *frontliners* na tumatao sa *checkpoint* at *rural health unit.*

"Nakita namin ang hirap na sinusuong ng mga *frontliners* upang maprotektahan ang kalusugan at buhay ng iba, at nag-isip kami kung paano naman kami makatutulong upang masuklian ang kanilang sakripisyo," sabi ni Mercado.

Dugtong ni Ramos: "Naisip namin na kung mayroon na kaming sapat na kita sa isang araw para sa aming pamilya, ay ipamimigay namin ang ibang isda sa mga *frontliners*."

Gamit ang isang tricycle, ang dalawa ay umiikot sa mga barangay ng Coron. Mula nang simulan nila ang pagbibigay ng libreng isda sa *frontliners*, mayroon na silang na-i-*donate* na mahigit-kumulang sa 160 na kilo ng isda.

Hindi lamang sina Mercado at Ramos ay may ginintuang puso na tumutulong sa kanilang kapwa. Sina Edgardo Ramos, 53, kapatid ni Diosdado, at Dan Joel Ramal, 48, na pareho ring taga Sitio Tagum, Barangay Tagumpay, ay nagbigay din ng libreng isda sa mga taga Sentro sa Sitio Balisungan at ibang *frontliners* na

(***Mga Tindero****, Sundan sa Pahina 2*)



*Si PE Legazpi habang nirerepaso ang listahan ng dapat makatanggap ng ayuda.*

## PE tumulong sa pagbibigay ayuda sa mga taga Culion

*Sinulat ni Rechie Cabales, CFI*

Ang mga *peer educator* o PE ay sinanay ng PATH Foundation Philippines, Inc. (PFPI) at Culion Foundation, Inc. (CFI), mga ka-partner ng USAID Fish Right

(***Peer Educator****, Sundan sa Pahina 2*)

# 14 na kabataan sa Calamianes nagsanay sa ekolohiya on-line

Noong Abril 25, 2020, binigyan ng PATH Foundation Philipppines, Inc. (PFPI) ng *on-line* na pagsasanay sa ekolohiya ang 14 na kabataang *peer educator* ng Calamianes.

Sa pangunguna ni Jomel Baobao ng PFPI, at sa tulong ng mga taga Culion Foundation, Inc. (CFI) at Community-Centred Conservation (C3) Philippines, anim (6) na kabataan mula Busuanga at walo (8) naman sa Coron, ang nagtalakayan tungkol sa pagkakaugnay ng mga yamang-dagat, may buhay (*living things*) man o wala (*non-living things*).

Ipinaliwanag ni Baobao ang kahalagahan ng bawat bagay sa dagat na may kanya-kanyang papel at nagbibigay suporta sa bawat-isa.

"*Excited* ako sa pagsasanay na ito," sabi ng *peer educator* na si Lian Rose Ponteres mula sa Busuanga. "First time ko ang mag on-line training, at marami akong natutuhan. Salamat sa PFPI at sa Fish Right sa patuloy nilang pagbibigay impormasyon sa aming mga *peer educator*."




*Ang mga peer educator at resource person na kasama sa pagsasanay.*

(**Peer Educator**, *Mula sa Pahina 1*)

Program sa Calamianes, upang maturuan ang kanilang mga kasama sa sustenableng pangingisda. Sa gitna ng *COVID-19 pandemic*, isa pang papel ang kanilang tinutupad: ang pagtulong sa pamimigay ayuda sa mga komunidad.

Isa rito si Lilibeth Legazpi, babaeng *peer educator*, na nagboluntaryo sa kanilang lugar upang maipaabot ang mga tulong ng gobyerno sa mga nangangailangan.

Si Jonathan Geraldez, isang kabataang *peer educator*, ay bukas-loob na tumutulong din sa pamamagitan ng pag- iimpake ng mga pagkain.

Ang mga *peer educator* na ito ay matibay na halimbawa na sa panahon ng krisis, lahat ay dapat nagtutulungan.

(**Busuanga,** *Mula sa Pahina 1*)

dahil sa sama-samang pagtutulungan ng Busuanga LGU na siyang nagbigay ng gasolina, at ng C3 Philipines, ka-partner ng USAID Fish Right Program sa Calamianes, na siyang nagpahiram ng mga radyo at largabista sa mga magpapatrolya.

"Hindi kami hihinto, kailangan naming gawin ito upang mapigil ang mga pumapasok sa aming karagatan" ayon kay MFARMC Chairman Edgar Abreu. "Tuloy-tuloy ang laban."



*Si Diosdado Ramos (kaliwa) at si Mario Mercado*

(**Mga Tindero**, *Mula sa Pahina 1*)

tumatao sa *checkpoint*. "Magaang po sa loob ang magbigay," sabi ni Edgardo Ramos. "Mas mabuti po ito kaysa naman ipautang namin ang mga isda." Sa ngayon, umabot na sa mahigit-kumulang sa 80 kilo ang naipamigay nilang isda.

Isang publikasyon ng PATH Foundation Philippines, Inc., Culion Foundation, Inc. at Community-Centred Conservation Philippines.

Ipadala ang mga tanong at kontribusyon sa: fesguerra@pfpi.org